## Aralin 2. Ang Pagtuturo ng Filipino sa Binagong Kurikulum

Inaasahang Pagkatuto:

Pagkatapos ng talakayan ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naipaliliwanag ang mga kasanayang pangwika sa pagtatamo ng kasanayang akademik sa pagtuturo ng Filipino sa binagong kurikulum.
2. Natatalakay ang Filipino sa batayang antas ng edukasyon.

### Ang mga Kasanayang Pangwika sa Pagtatamo ng Kasanayang Akademik

Patuloy at nagpapatuloy pa ang paghubog ng kurikulum upang maging behikulo sa pananagumpay ng mga mag-aaral at sa paglinang ng mga kinakailangang kaalaman, kasaysayan at pagpapahalaga upang magampanan nila ang kanilang mga fundamental na pangangailangang pansarili hanggang sa kanyang pangangailangan para sa epektibong paglahok sa panlipunan at sandaigdigang pagbabago.

Pinangungunahan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang pagrereistruktura ng kurikulum sa batayang edukasyon dahil sa mga sumusunod na dahilan:

1. Higit na magiging malikhain o inobatibo sa interdisiplinari ang mga guro sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo.

2. Higit na mahahamon ang mga mag-aaral na makapag-isip nang kritikal upang mahikayat silang masikap na matamo ang kanilang interes o pangarap sa buhay.

3. Interaktib ang pinakaideyal na proseso sa pagtuturo at pagkatuto.

4. Magkakaroon ng resipokal na interaksyon ang mga guro at mga mag-aaral sa iba't ibang disiplina sa mga gagamiting kagamitang panturo at multi-media sources.

5. Kasangkapan ang wikang Filipino sa pakikipagkomunikasyon sosyal at interpersonal at ito'y behikulo sa pagtuturo ng mga disiplinang itinuturo sa Filipino.

Samantala binigyang diin naman sa mga pag-aaral nina Lambert at Tucker (1972) na binanggit ni Crandall (1987) na nalilinang sa mga mag-aaral ang mga kasanayang pangwika kasabay ng pagtatamo ng mga kasanayang akademik.Dahil ang wikang Filipino ang pinakamalapit, kung hindi man ay ito ang unang wika ng maraming Filipinoo, malaki ang papel na ginagampanan niti sa pagtatamo ng mga mag-aaral ng kognitib- akademikong kasanayang pangwika.Ito ay dahil sa naniniwala ang maraming eksperto na kapag nabigyan ang mag-aaral ng mahusay na edukasyon sa unang wika o sa wikang higit niyang alam, mabibigyan ang mag-aaral ng kognitib-akademikong kasanayan(CALP) na magagamit niya sa pag-aaral at pagtalakay ng mga mahihirap o abstraktong kaisipan.mangyari pa, kapag matatag ang pundasyon ng mag-aaral sa kanyang unang wika, mabilis at mabisang matuto ang mag-aaral ng pangalawang wika.

Ang pagbibigay-halaga sa wikang Filipino bilang pundasyon ng literasi para sa mga kabataang Pilipino ay hindi nangangahulugan ng pagbalewala o pagsasantabi sa Ingles.Hindi ganito ang iniatas ng Patakarang Edukasyon Bilinggwal.habang patuloy ang intelektwalisasyon

ng Filipino ay kailangan naming palakasin ang pagturturo ng Ingles sa mga paaralan sa paggamit ng epektibong mga estratehiya sa pagtuturo. Hindi maikakaila na kailangang matutunan ng mga estudyanteng Pilipino ang wikang Ingles dahil ito ang magiging tulay nila sa pakikipag-ugnayang internasyunal, at dahil ang karamihan pa rin sa mga kaalaman ay nasusulat sa Ingles, hindi maitatatwang mahalagang kasangkapan ang wikang ito upang magkakaroon tayo ng akses sa pandaigdigang impormasyon sa panahong ito ng globalisasyon.

Sa ginawang pagrebyu ng DepEd sa dating kurikulum sa Filipino lumitaw ang mga sumusunod na obserbasyon: (1) Paulit-ulit lamang ang istrukturang gramatikal na itinuro mula sa elementarya hanggang tersyarya. Hindi pang-linggwistika ang pagsusuri at pag-aanalisang ginagawa; (2) Hindi maihanda ang mga mag-aaral tungo sa pagpapalawak ng kaalamang kailangan sa pag-aaral sa kolehiyo; (3) Hindi lubusang nalilinang ang apat na component ng kasanayang komunikatibo (kaalamang gramatikal,kaalamang diskrsal,kaalamang istatedyik at kaalamang sosyo- linggwistik;(4) Hindi wastong natatalakay ang panitikan bilang isang disiplina; (5) Hindi halos napagtuunan ng pansin ang paglinang sa mga kasayasayn at kaalaman sa maunawang pagbasa at malikhaing pagsulat; (6)Hindi lubusang nakatutulong upang matutunan ng mga mag-aaral ang iba pang sabdyek na ginagamitan ng Filipino bilang panturo at (7) Nananatiling napakababa ang iskor sa NSAT( kabuuang 64% sa loob ng 3 taon).

Sa tulong ng mga nabanggit na obserbasyon mula sa isinagawang mga konsultasyon,napagpasyahang magkaroon ng pagrepokus sa kurikulum ng Filipino sa batayang framework.Dito ay nilinaw na ang pangunahing mithiin sa pagtututro ng Filipino ay ang makalinang ng mag-aaral na pangkomunikasyon,gayundin ang kaalamang gramatiks, diskorsal,istratedyik at sosyo-linggwistik.tiniyak din ang diskripsyon ng Filipino bilang isang sabdyek.Bilang pantulong na sabdyek sa elementarya,bibigyan ng diin ang paglinang ng apat na kasanayang makro at kaisipang Pilipino.Sa lebel 1-3,idedebelop ito sa mga komunikasyong sitwasyunal sa tulong ng iba't ibang awtentikong materyal.Samantala, ang lebel 4-6 ay lilinang naman sa paggamit ng Filipino sa malikhain at kritikal na pag-iisip

Makikilala naman ang Filipino sa lebel sekundarya bilang Filipino sa iskolarling pakikipagtalastasan. Sa unang dalawang taon, ang pokus ay gramatika at pagbasa at sa huling dalawang taon naman ay panunuring pampanitikan. Mahalagang banggitin na sa bagong kurikulum sa Filipino ay tinitiyak ang mga inaasahang bunga ng pag-aaral ng Filipino sa bawat lebel.

Mabubuod sa mga sumusunod ang mga katangian ng pagtuturo ng Filipino ayon sa bagong kurikulum.

a) May integrasyon ng limang (5) makrong kasanayang pangkomunikasyon at mga kasanayan sa pag-aaral.

b) Pinalawak o pinayayaman sa pamamagitan ng integrasyon ng bokabularyo, mga pagpapahalaga o values at mga kompetensi mula sa Agham Panlipunan at iba pang lawak ng makabayan.

c) Nakapokus sa paglinang ng mga kasanayan sa akademikong wika at mga kasanayan sa batayang komunikasyong interpersonal at sosyal.

d) Nakasentro sa pagtulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng akses na matutuhan ang nilalaman anuman ang anyo nito- teksto, grap ilustrasyon at iba pa.

e) May interaksyong mag-aaral-guro-teksto at multimedia

f) Humahamon sa mga mag-aaral upang mag-isip ng kritikal at malikhain sa target na wika.

g) Binibigyang-diin ang aktibasyon at integrasyon ng dating kaalaman gumagamit ng mga alternatibong paraang ebalwasyon, kooperatib/ kolaboratibong pagkatuto, scaffolding at paglinang ng mga estratehiya sa pag-aaral.

h) Hinihikayat ang mga mag-aaral na magkaroon ng control sa disenyo ng pagkatuto at pag-oorganisa ng klase

Samakatwid, malaking tungkulin ang iniaatang sa balikat ng mga guro ng Filipino. Sa kanilang makabuluhang pagtuturo nakasalalay ang makabuluhang pagkatuto ng mga estudyanteng Pilipino ng wikang Filipino na kasangkapan sa pakikipag-interaksyong panlipunan at gamit sa pagkatuto ng mahalagang disiplinang gaya ng Araling Panlipunan.Sa pamamagitan ng interaktibo, integratib at kolaboratib na pamamaraan ng pagtuturo, idagdag pa iyong malalim na komitment sa edukasyon at sa mga kabataan, kayang-kaya nilang gampanan ang mga tungkuling ito.

**Ang Filipino sa Batayang Antas ng Edukasyon**

(ni Clemencia C. Espiritu, Ph D.)

Ang kalakaran sa pagreporma sa kurikulum at pagtuturo ng wika ay karaniwan nang sumusunod sa mga kalakaran sa wika at sa mga pagbabagong-bisyon ng pamahalaan at ng mga pangunahing ahensya na may kinalaman at interesado sa edukasyon. Kung susundan ang mga reporma na naisagawa kaugnay ng kurikulum, mapapansin na nagaganap ito kada humigit sa sampung taon. Halimbawa nito ay ang mga reporma sa kurikulum ng Filipino nang 1973 (elementarya at sekundarya), 1983 (elementarya), 1989 (sekundarya) at 2002 (batayang edukasyon). Bawat isa ay dinebelop ayon sa kahingian ng panahong iyon at upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Nakapokus ang papel na ito sa pagtalakay sa 2002 kurikulum ng Filipino sa batayang edukasyon.

**Ang Kurikulum ng Batayang Edukasyon ng 2002**

Ang layunin ng edukasyong elementarya, ayon sa Education Act of 1982, ay siya pa ring naging batayan ng Kurikulum ng 2002. Gayundin, naging batayan ang mga pambansang batayang patakaran sa edukasyon sa isinasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas ng 1987, at ang Governance of Basic Education Act of 2001. Niliwanag ng Kagawaran ng Edukasyon na ang kurikulum ng Batayang Edukasyon ng 2002 ay isang pagrereistruktura lamang at hindi lahat ang pagbabago ng papalitang kurikula ng elementarya at sekundarya (NESC at NSEC).

Sa Governance of Basic Education Act of 2001, inilahad ang mga pangkalahatang tunguhin ng batayang edukasyon: linangin ang mga mag-aaral na Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga batayang kasanayan sa literasi, numerasi, kritikal na pag-iisip at mga kasanayang pampag-aaral at mga kanais-nais na halagahan (values) upang sila'y maging mapagkalinga, makatayo sa sarili, maging prodaktib, magkaroon ng kamalayang panlipunan, maging makabayan at responsableng mamamayan. Batay sa mga nabanggit, bisyon ng DepEd

na luminang ng mag-aaral na Pilipino sa mga sining at isports at may halagahan ng isang mamamayang makakalikasan, makatao at maka-Diyos. Sa nireistrukturang **kurikulum ng 2002,** binigyan ng ibayong pansin ang pagsasanay para sa pagtatamo ng mga kasanayan sa pamumuhay, pagtukoy at pagsusuri sa mga halagahan at ang pagkilala sa iba't ibang katalinuhan ng mag-aaral (multiple intelligence).

**Ang Kurikulum ng Filipino sa Antas Elementarya**

Gaya ng isinasaad ng kurikulum, mithiin sa pagtuturo ng Filipino ang:

"Nagagamit ang Filipino sa makabuluhang pakikipagtalastasan, (pasalita at pasulat): nagpapamalas ng kahusayan sa pagsasaayos ng iba't ibang impormasyon at mensaheng narinig at nabasa para sa kapakinabangang pansarili at pangkapwa at sa patuloy na pagkatuto para makaangkop sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig."

Layunin ng pagtuturo ng Filipino sa **elementarya** na linangin ang lima na makrong kasanayang pangwika: pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat at panonood, gayundin ang pag-iisip, sa mga baitang I-VI, ang mga tiyak na kasanayang ito ay lilinangin sa mga sitwasyong pangkomunikasyon, gamit ang iba't ibang materyal tungo sa pagkakaroon ng masteri.

Kaiba sa nakaraang kurikulum, dinagdagan ang oras sa pagtuturo ng Filipino sa baitang I-III upang magkaroon ng mag-aaral ng sapat na pag-unawa sa bawat aralin at maisama ang barayti ng mga tekstong literari at di-literari sa mga gawain sa pagbasa at pag-unawa. Tiniyak din sa kurikulum ang mga inaasahang bunga sa pag-aaral ng Filipino.

Unang Baitang: Inaasahang nakabibigkas at nakababasa ang mga mag-aaral ng mga alpabeto at simpleng salita nang may wastong tunog; nakagagamit ng magalang na pagbati sa pang-araw-araw na pag-uusap; naisusulat ang sariling pangalan at nakasusulat ng mga payak na pangungusap.

Ikalawang Baitang: Nakapagsasabi ang mag-aaral ng pangunahing diwa na napakinggan; nakapaglalarawan ng mga tao, bagay at pook; nakababasa nang wastong paglilipon ng mga salita at nakasusulat nang kabit-kabit na mga titik na may wastong bantas.

Ikatlong Baitang: Nakapagsasalaysay ang mag-aaral ng buod ng napakinggan/nabasa; naibibigay ang sariling palagay tungkol sa isyung pinag-uusapan; nakababasa at naipapaliwanag ang kahulugan ng mga salita; natututukoy ang pagkakaiba ng opinyon at katotohanan; nakababasa nang may pang-unawa at naisusulat ang idiniktang iba't ibang uri ng teksto.

Ikaapat na Baitang: Nakapagpapahayag ng sariling ideya at kaisipan tungkol sa mga naririnig; nakapagbibigay rin ng reaksyon at nakalalakhok sa iba't ibang talakayan; nakagagamit ng matalinghagang salita at mga ekspresyong tuwiran at di-tuwiran; natutukoy ang mga pangyayaring nag-uugnay sa sanhi at bunga ng mga pangyayari at napagsusunod-sunod ang mga ideya at sitwasyon; nakilala ang iba't ibang bahagi ng babasahin at nakasusulat ng mga maikling komposisyon.

Ikalimang Baitang: Nakapagbubuod ng nabasa at napakinggan; nakabubuo ng iba't ibang pangungusap; nakagagamit ng iba't ibang sanggunian sa paghahanap ng impormasyon at nakasusulat ng iba't ibang pahayag at sulatin na may 15-20 pangungusap.

Ikaanim na Baitang: Nakapag-aayos ng napakinggang teksto at naililipat ang impormasyong tungo sa iba pang anyo ng pagpapahayag; nagagamit ang iba't ibang pangungusap sa pagpapaliwanag; nakapagbibigay ng mga solusyon sa mga suliranin batay sa mga karanasan at mga natutuhang kaalaman sa ano mang sitwasyon at nakasusulat na ng ilang uri ng salaysay o dayalog sa tulong ng mga ideya/tala na binuo ng klase.

**Ang Filipino sa Antas Sekundarya**

Maraming kahinaan ang naobserbahan sa datihang kurikulum na pinairal. Nagsagawa ang supervisor ng Filipino ng DepEd Central Office ng rebyu ng SEDP kurikulum na sinimulang iimplementa noong 1989. Ilan sa mga obserbasyong iniulat ni G. Arturo Cabuhat ang mga sumusunod:

a) Repetisyon at overlapping ng mga itinuro lalo na sa wika mula sa elementarya hanggang tersyarya.

b) Kakulangan, kundi man kawalan ng artikulasyon ng mga kurikula sa tatlong antas.

c) Mababaw na nilalaman at kasanayang nililinang.

d) Walang kaayusan at pokus sa pagpili ng kontent at pagtalakay sa panitikan.

e) Di-lubusang paglinang ng kahusayang magamit ang wikang natutuhan sa pagkatuto ng mga asignaturang itinuturo sa Filipino.

Bilang tugon sa mga natuklasang kahinaan, mabilis na nagsagawa ang DepEd ng mga hakbang tungo sa pagrereporma ng kurikulum. Sa **antas sekundarya**, mithiin ng pagtuturo ng Filipino na "makadebelop ng gradweyt na mahusay na komyunikeytor sa Filipino…" Naging sukatan ng DepEd sa pagiging mahusay na komyunikeytor ang "pagtalakay ng mga kasanayang makro" (pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood). Sinasabi sa kurikulum na "sa paglinang ng mga nabanggit na kasanayan, kinakailangang taglayin ng mga mag-aaral ang tiyak na kaalaman tulad ng gramatikal, sosyo-linggwistik, diskorsal at istratedyik." Samakatwid, layunin na linangin ang kakayahang komunikatib. May antas din na pagtuturo ng Filipino ay dapat gamitan ng mga tekstong hango sa mga asignaturang pangnilalaman tulad ng Aralin/Agham Panlipunan, Agham at Teknolohiya, Literatura at iba pang kaugnay na disiplina.

Niliwanag sa bagong kurikulum na bago makagradweyt sa batayang edukasyon, dapat ay taglay ng mag-aaral hindi lamang ang mga kasanayang pangwikang batayan at interpersonal, kundi pati ang mga kasanayang pangwikang kognitib at akademik. Kaiba sa datihang kurikulum, ang binagong kurikulum sa Filipino ay nagkaroon ng tiyak na pokus sa bawat antas ng pag-aaral. Ang **una at ikalawang taon** ay nakapokus sa masusing pag-aanalisa at pag-aaral ng mga tiyak na istrukturang gramatikal ng Filipino bilang wika sa pamamagitan ng maunawang pagbasa ng iba't ibang teksto. Sa **ikatlo at ikaapat na taon** naman, dinedebelop ang mga kaalaman at kasanayang pampanitikan. Sa tulong ng iba't ibang genre ng panitikan (lokal, rehiyunal, pambansa o pandaigdig), na nakasalin sa Filipino, nalilinang ang mapanuring pag-iisip.

Ito ang magandang inihahain  ng kurikulum, ang makasining at may kalidad na pag-aaral ng panitikan. Sa dating kurikulum, limitado ang pag-aaral ng panitikan sa mga akdang nasa Canon of Philippine Literature na karamihan ay panitikang Tagalog at sa mga nobela na Noli at Fili, at sa Ibong Adarna at Florante at Laura. May mga paaralang nagpapabasa ng Nena at Neneng ni Valeriano H. Peña o Dekada 70 ni Lualhati Bautista. Sa binagong kurikulum, higit na malawak ang saklaw ng pag-aaral ng panitikan at nabigyan ito ng higit na pagpapahalag. Sa pangunguna ng guro, sinusuri ang mga akda gamit ang angkol na pananaw at pamaraan.

**Pananaw sa Wikang Filipino sa Bagong Kurikulum**

Nag-iba ang pananaw sa wika sa bagong kurikulum. Sa datihang kurikulum ay tinitingnan ito bilang asignatura na nakapokus sa paglinang ng kaalamang panggramatika at ng apat na makrong kasanayang pangwika. Sa kabilang dako, sa bagong kurikulum, lumawak ang pananaw sa Filipino. Itinuturing itong hindi lamang obdyek ng pagkatuto o isang asignatura, kundi instrument rin para matuto ang mag-aaral ng marami pang bagay bukod sa Filipino.Bilang isang pantulong sa sabdyek, nililinang ito bilang wika ng iskolarling talakayan sa mga asignaturang tulad ng Aralin/Agham Panlipunan at Makabayan.Nililinang ang akademikong kasanayang pangwika gamit ang mga tesktong dyornalistik, reperensyal, prosidyural, literari at iba pa.

**Pananaw sa Pagtuturo ng Wika**

Kung susuriin, tunguhin ng bagong kurikulum sa Filipino na (a) maituro nang holistic at natural ang wika; (b) malinang hindi lamang ang kasanayan sa komunikasyong interpersonal kundi ang kognitib- akademik na kasanayang pangwika;( c) mabigyan ang mag-aaral ng eksposyur sa mga paksang nakapaloob sa mga asignaturang pangnilalaman; (d) malinang ang mataas na kasanayan sa pagbabasa at pagsulat; (e) malinang ang kritikal na pag-iisip ng mag-aaral at (f) maitaas ang kaalaman at pagpapahalaga.

Mga Bagong Pananaw sa Pagtuturo at pagkatuto

a) Muling pagtingin at pagsusuri sa mga layunin ng wika at ang kaugnayan ng mga ito sa nagbabagong layunin ne edukasyon.
b) Pagbibigay- diin sa pagtuturo ng wika para sa mabisa at makatotohanang pakikipagtalastasan
c) Pag-angat nang kaunti sa istruktural na pamamaraan at paggamit ng alternatibong pagdulog sa pagtuturo ng wika na batay sa pangangailangang komunikatib
d) Pagbibigay-halaga sa gamit ng wika sa iba’t ibang sitwasyong komunikatib
e) Higit na malawak na pagkaunawa sa pagkakaugnay o integrasyon ng mga kasanayang pangwika tulad ng pagbasa at pagsulat, pakikinig at pagsasalita
f) Pokus sa paglinang ng mga programang pangwika na tutugon sa iba’t ibang antas ng pangangailangan
g) Interes sa mga pinagsanib na programa tulad ng wika at araling panlipunan
h) Pokus sa pangangailangan, interes at motibasyon ng mag-aaral; pagbibigay-diin sa proseso ng pagkatuto at ang mga estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral
i) Pagbabagong-pananaw sa kaayusan ng mag-aaral sa silid-aralan.
   Pagbibigay- diin sa tambalan at pangkatang interaksyon at sa peer teaching
j) Pagbuo sa pamamaraang eklektik at pragmatic tulad ng pagdulog na komunikatib.

Batay sa mga nabanggit, nagmungkahi ang DepEd ng mga **pananaw at estatrehiya sa pagtuturo**

1. **Pagtuturong batay sa nilalaman o content-based instruction (CBI)**

   Sa pagpapakahulugan ng DepEd, ang content-based instruction ay ang integrasyon ng content ng mga asignaturang tulad ng Heograpiya, Kasaysayan, Sibika at Kultura, Agham at iba pa sa pagtuturo ng wika. Gagamitin itong behikulo sa paglinang ng mga kasanayang pangwika sa Filipino.

   Napapanahon ang pagtuturo ng Filipino batay sa nilalaman. Maraming pag-aaral sa ibang bansa ang nagpatunay na higit na mabilis at epektibong natutuhan ang pangalawang wika kung isasanib ang content sa pagtuturo nito. Pinatutunayan ang mga pag-aaral sa programang imersyon na natatamo ng mag-aaral ang mataas na antas ng kahusayan sa pangalawang wika habang natutuhan ang paksang aralin o ang nilalaman (Lambert & Trucker,1972); Campbhell, Gray, Rhodes & Snow,1985;(NCBE,1990, binanggit kay Crandall (ed.) 1987)

   Sa pagtuturong batay sa nilalaman, mahalaga ang kolaborasyon ng gurong wika at ng *content area subject* dahilan sa paggamit ng *input* sa dalawang lawak. Sa kasalukuyang sistema ng pagtuturo ng wika, masyadong nakatutok ang guro sa paglinang ng kakayahang pangwika kaya't natatagalan ang paglinang ng mga kasanayang kognitib-akademik at di nagagamit nang mabisa ang Filipino sa pag-aaral ng asignaturang pangnilalaman. Gayundin, ang mga guro ng *content subject* ay nakapokus sa nilalaman kaya't di napapansin ang mga problemang pangwika na nakaaapekto sa pagkatuto.

   Sa pananaw na ito, pasiliteytor ng pagkatuto ang mga guro. Sa pagsanib ng wika at nilalaman, nagdebelop ng sensitibiti ang guro ng nilalaman sa mga suliraning pangwika na matatagpuan sa mga aklat, materyal at maging sa kanyang pananalita na maaaring makapagpahirap sa pag-unawa ng mga estudyante.

   Gayundin, ang guro ng wika ay natututong gumamit ng mga awtentiko at makabuluhang nilalaman sa klasrum. Naipapakita sa guro ng wika ang mga estilo ng mga kailanganing akademiko ng mga kursong pangnilalaman. Sa pangkalahatan, pinapatnubayan ang mga guro ng wika at ng nilalaman sa pagtiyak kung anong konsepto ng tapik ang bibigyang-diin, paano ituturo ang mga konsepto para lubusang maunawaan at kung paano malilinang ang kakayahang pangwika ng mag-aaral.

   Sa pananaw na ito, bawat aralin ay may komponent pangwika at pangnilalaman. Hindi kailangang bigyan ng parehong bigat o oras ang dalawang ito sa bawat aralin. Depende ito sa pang-araw-araw na layunin ng guro. Ang layunin ng bawat guro ay malinang nang sabay ang kasanayang pangwika at pagtatamo ng akademikong kaalaman.

**Pangunahing Katangian ng Pinagsanib na Pananaw**

a) Nalilinang ang mga kasanayang kognitib at pangwika
b) Higit na natutuhan ang wika kung hindi tungkol dito sa pokus kundi kung ginagamit itong instrumento sa pagkatuto
c) Naipapaunawa ang *input* sa iba't ibang kaparaanan tulad ng demonstrasyon, biswal, aktwal na pagsasagawa at manipulasyon ng nilalaman na isinasama ng guro sa mga aralin
d) Inaalam ang eskima o datihang kaalaman at inuugnay ito sa bagong tapik
e) Ipinakikita ang mga kasanayang komunikatib sa pamamagitan ng iba't ibang teknik; interaksyon sa materyal, kapwa mag-aaral at mga guro
f) Hinihikayat/Inaaply ang iba't ibang estratehiya sa pagkatuto
g) Nililinang/ Inaaply ang iba't ibang estratehiya sa pagkatuto
h) Nahahamon ang katalinuhan ng mag-aaral
i) Ginagamitan ng whole language na mga teknik. Gumagamit ang guro ng awtentikong materyal para maituro nang makabuluhan ang pagbasa at pagsulat

Maganda ang ipinapangako ng pagdulog ng CBI na gumagamit ng tatlong prinsipyo: (a) gamit ang multi-media; (b) paglinang ng kasanayan pampag-iisip; (c) organisasyon ng klase na nakapokus sa mag-aaral. Gayunpaman, dapat unawain na hindi madaling isagawa ang pagtuturong batay sa nilalaman. Kailangan ang ganap na kahandaan ng mga guro lalo na sa lubusang pag-unawa sa teorya at praktis ng CBI.

2. **Tematik na Pagtuturo**

Maging datihang kurikulum ay tematik na rin ang pagtuturo. Karaniwang pumipili ng isang tema na iniikutan ng mga aralin. Ipinaliliwanag ng DepEd ang pakahulugan dito:

*"Thematic teaching recognizes learning around ideas. It provides a framework for linking content and processes from a variety of disciplines. The theme provides coherence and focus for accompanying activities. The theme enables learners to see the meaningful connections across content or skills areas…"*

3. **Interaktib na mga Estratehiya sa Pagtuturo**

Mahalaga ang interaksyon sa anumang pagtuturo. Madaling matamo ng mga mag-aaral ang kasanayan sa target na wika kung nakapokus sila sa pagtanggap at pagpapahatid ng mensahe---kung nagagamit nila ang target na wika sa mga awtentikong sitwasyong komunikatib na nagbibigay ng pagkakataon para maisagawa ang palitan ng mga pahayag. Ang interaksyong linggwistik, sang-ayon kay Well (Rivers, 1987) ay isang gawaing kolaboratib na kinapapalooban ng tatsulok na ugnayan ng nagpapahatid ng mensahe, ng tagatanggap at ng konteksto ng sitwasyon, maging pasalita o pasulat man ang komunikasyon.

Napakahalaga ng interaksyon sa pagtuturo o pagkatuto ng wika. Hindi lamang pagpapahayag ng sariling ideya ang mahalaga, kundi pag-unawa sa mensaheng ipinahahatid ng iba ang kasangkot sa interaksyon. May tatlong uri ng interaksyon na maaaring lahukan ang mag-aaral: interaksyon sa guro, sa kapwa mag-aaral at sa teksto o mga kagamitang pampag-aaral. Magagamit ng mag-aaral ang lahat ng kanyang resorses pangwika at mga natutuhan sa iba't ibang uri ng interaksyon para maipahayag ang mahahalagang mensahe o ideya.

**Mga Kaganapan sa Interaktibong Klasrum**

Sang-ayon kay Rivers, ganito ang nagaganap sa isang interaktibong klasrum:

a) Maraming gawain sa pakikinig sa mga awtentikong materyal, walang prohibisyon o pagbabawal ng pasalitang tugon ng mga mag-aaral. Kasama sa awtentikong materyal ang pananalita ng guro kung matatas siya sa target na wika. Kung hindi, aasa ang guro sa mga audio at video tapes, o di kaya ay sa mga pahayagan, magasin, aklat, panuto para sa produkto, menu, mapa at iba pa. Pwede ring mag-imbita ng mga katutubong tagapagsalita ng target na wika.
b) Mula sa simula, ang mga mag-aaral ay nakikinig at nagsasalita bilang reaksyon sa mga larawan at bagay, sa mga *role play* sa pamamagitan ng pagsasatao, at sa mga talakayan; lumilikha sila ng *radio talk show;* nagkukunwari silang namimili, dumadalo ng mga pagtitipon o di kaya ay nag-iinterbyu o lumalahok sa interbyu. Nag-uulat sila ng mga balita, nagbibigay ng personal na komentaryo, nagdedebate tungkol sa mga isyu at nagbabahaginan ng mga pananaw tungkol sa iba't ibang bagay.
c) Sama-sama ang mga mag-aaral sa mga gawain; makabuluhang gawain na tulong-tulong nilang isinasagawa gamit ang target na wika.
d) Nanonood ang mga mag-aaral ng pelikula at videotape na ang gumaganap ay mga katutubong tagapagsalita. Inoobserbahan nila ang berbal at di-berbal na komunikasyon gayundin, ang *pattern* ng interaksyon.

4. **Kolaboratibong Estratehiya sa Pagtuturo at Pagkatuto**

Kinikilala na ngayon ang kahalagahan ng kooperasyon ng mga mag-aaral sa klasrum at ang bisa ng kooperatibong pagsasagawa ng mga gawain sa pagkatuto. Nagagamit ng bawat mag-aaral ang taglay niyang talino sa aktibong pakikilahok sa pagkompleto ng mga gawain at paghanap ng solusyon sa mga problema kaugnay ng mga aralin.

Maraming estratehiyang magagamit para sa kolaboratibong pag-aaral. Naglahad si Kagan (1990) ng iba't ibang estratehiya na maituturo ng guro sa mga mag-aaral para mapadali ang pagkatuto. May mga estratehiya para mapagtibay ang samahan ng magkakapangkat; mayroong para sa pagpapaunlad ng komunikasyon ng grupo; mayroon ding para sa masteri ng natutunan, para sa debelopment ng mga konsepto, paghahati-

hati ng trabaho o responsibilidad na mayroon para sa pangkatang proyekto. Maganda kung makadedebelop ang guro at mga mag-aaral ng *repertoire* ng mga estratehiyang ito para sa mahusay na pagkatuto.

**Narito ang isang sintaks ng Kooperatibong Modelo sa Pagkatuto**

a) Ilahad ang tunguhin ng gawain.
Pag-aaralan ng guro ang mga layunin ng aralin at iseset niya ang aralin.
b) Ilahad ang impormasyon.
Ilalahad ng guro ang impormasyon sa pamamagitan ng demonstrasyon o teksto.
c) Pangkatin ang mga mag-aaral.
Ipaliliwanag ng guro ang paraan ng pagpapangkat at papatnubayan ang mga pangkat tungo sa epektibong transisyon.
d) I-monitor ang mga pangkat.
Tutulungan ng guro, kung kailangan ang mga pangkat.
e) Ipalahad sa pangkat ang resulta ng kanilang gawain.
f) Kilalanin ang pagsisikap ng indibidwal at pangkat, gayundin ang kanilang natamo.
g) Paglaanan ang mga gawaing lilinang sa iba't ibang katalinuhan.
h) Pagsanibin ang kahalagahan (values) sa pagtuturo at aplikasyon ng mga pagpapahalagang ito.

Binigyang-diin sa bagong kurikulum ang kahalagahan ng pagsasanib ng halagahan (values) sa lahat ng asignaturang ituturo. Samakatwid, ang guro ng Filipino ay hindi lamang guro ng wika at panitikan kundi guro rin ng edukasyon sa pagpapahalaga. Mulat ang guro sa bisyon ng DepEd para sa mag-aaral ng Pilipino at nililinang niya sa kanyang mga aralin sa Filipino ang mga kahalagahang nabanggit na sa dakong unahan. Ang bagay na ito ay hindi na bago para sa guro ng Filipino sapagkat ginagawa na ito sa datihang kurikulum.

**Lagom**

Inilahad ko sa papel na ito ang mga tradisyon at kasalukuyang kalakaran sa mga programang pangkurikulum at pampagtuturo. Mula sa pagpokus sa wika bilang anyo at paggamit ng pamaraang awdyo-linggwal sa paglinang ng mga kasanayan sa wika, umunlad ang pananaw at sa kurikulum ng 1983 at 1989 ng batayang edukasyon ay tinitingnan ang wika, hindi lamang bilang anyo kundi bilang instrumento sa komunikasyon. Sa gayon, napokus ang pagtuturo sa paglinang ng kasanayang komunikatib at sa paggamit ng *notional-functional* na pananaw sa pagtuturo. Patuloy pang pinalago at pinalawak ng Kurikulum ng 2002 ang pananaw pangwika, gayundin ang pagtuturo nito. Sa kurikulum na ito, ang wikang Filipino ay asignatura at pantulong sa sabdyek din sa pagtuturong batay sa nilalaman at ang gamit ng kolaboratib at interaktibong mga estratehiya sa paglinang ng iba't ibang kasanayan at katalinuhan.

Napakalaking hamon sa kaalaman at kakayahan ng guro ang pagpapatupad ng kurikulum lalo na ng 2002. Kung susuriin, tunay na mahalaga ang patuluyang edukasyong pangwika para matugunan ng guro ang kahingian ng kasalukuyang kurikulum. Kung lalagumin ang mga katangian ng bagong kurikulum, ito ay interaktib, kolaboratib at integratib, nakapokus sa mga batayang kasanayan at halagahan at lumilinang ng iba't ibang katalinuhan. Ang mga kahingian para sa guro ay kaalaman at kasanayang matatamo lamang nang lubusan ng guro sa pamamagitan ng patuluyang edukasyong pangwika.